# Screen Positive na Resulta

## Ano ang ibig sabihin nito at ano na ang gagawin ko?

BC Prenatal Genetic Screening Program

Perinatal Services BC
Provincial Health Services Authority

*Nalaman mo na ang resulta ng iyong prenatal genetic screening ay "screen positive." Ang screening ay ginawa para malaman kung gaano kalamang na ang iyong sanggol ay magkakaroon ng Down syndrome, trisomy 18, o isang open neural tube defect.*

### Ano ba ang ibig sabihin ng "screen positive" na resulta?

Hindi nito ibig sabihin na ang iyong sanggol ay may Down syndrome, trisomy 18, o open neural tube defect. Sa katotohanan, para sa karamihan ng mga kababaihan / mga indibidwal na may ganitong resulta, ang kanilang sanggol ay wala ng isa sa mga kondisyon na ito. Ang resulta ay nangangahulugan na dahil sapat na mataas ang chance na ang iyong sanggol ay may Down syndrome, trisomy 18 o open neural tube defect, inaalok ang karagdagang testing para malaman kung ang iyong sanggol ay may isa sa alinman sa mga kondisyon na ito.

Bilang bahagi ng resulta ng iyong screen, binigyan ka ng numero na nagtatantiya kung gaano kalamang na ang iyong sanggol ay may isa sa mga kondisyon na na-screen.

### Ito ay halimbawa ng isang screen positive na resulta:

Ang *chance* na magkakaroon ng Down syndrome ay 1:100. Ito'y parang sinabi na:

- May 1% chance na ang iyong sanggol ay magkakaroon ng Down syndrome, **o kaya**
- May 99% chance na ang iyong sanggol ay hindi magkakaroon ng Down syndrome, **o kaya**
- Kung 100 kababaihan / mga indibidwal ang nagkaroon ng parehong resulta, isa sa kanila ay magkakaroon ng sanggol na may Down syndrome at ang natitirang 99 ay hindi magkakaroon ng Down syndrome.

Ayon sa resulta ng iyong screen, positive ang iyong screening para sa: (According to your screen result, you screened positive for: )

______________________________

Ang chance na ang iyong sanggol ay may ganitong kondisyon ay: (The chance your baby has this condition is:)
1 sa ______________, na siyang ______________%
(1 in ______________ which is ______________%)

### Ano na ngayon ang mangyayari?

Maaaring kailangang kompirmahin ng iyong health care provider kung ilang linggo ka na buntis. Mahalagang siguraduhin na ang pregnancy dating na ginamit para sa resulta ng prenatal screen ay wasto.

*Kung mayroon kang screen positive na resulta para sa open neural tube defect,* magpapagawa muna ang iyong health care provider ng isang detalyadong ultrasound; pagkatapos nito ay magkakaroon ng kinakailangang follow-up, depende sa kung may natuklasang abnormalidad sa ultrasound scan.

*Kung mayroon kang screen positive na resulta para sa Down syndrome o trisomy 18,* aalukin kang magpagawa ng isa pang blood test na tinatawag na NIPT (para sa prenatal cell-free DNA screening). Maaaring bigyan ka rin ng opsyon na magpa-amniocentesis, depende sa kung gaano ang chance na ipinapakita ng iyong screen positive na resulta.

### Ano ba ang Prenatal Cell-Free DNA Screening (NIPT)?

Ito'y isang mas accurate na screening test para sa Down syndrome at trisomy 18 kaysa sa SIPS/IPS/Quad at ito'y ginagawa gamit ang isang blood test. Natutuklasan nito ang halos lahat ng mga sanggol na may Down syndrome at trisomy 18, at kaunting-kaunti lamang ang mga false positive na resulta. Magbibigay ang NIPT ng bagong resulta na magpapahayag na malamang na mababang-mababa o mataas na mataas ang posibilidad na magkakaroon ng sanggol na may Down syndrome o trisomy 18. Kung ang chance ay mababang-mababa, walang irerekomendang karagdagang testing. Kung ang chance ay mataas na mataas, mangangailangan ng isang amniocentesis para kompirmahin ang resulta. Ang resulta ng NIPT test ay makukuha pagkatapos ng 10 araw. Para sa mga kababaihan / mga indibidwal na may positive SIPS/ IPS/Quad screen, ang NIPT ay babayaran ng MSP.

### Ano ang amniocentesis

Ito'y isang diagnostic test. Siguradong masasabi nito sa iyo kung ang iyong sanggol ay may Down syndrome o trisomy 18. Ito'y ginagawa sa pamamagitan ng pagpasok ng manipis na manipis na karayom sa iyong tiyan para magtanggal ng ilang kutsarita ng amniotic fluid sa paligid ng sanggol. Ang karayom ay ikinikilos gamit ang ultrasound kaya't hindi nito nahihipo ang sanggol. Ang mga selula ng sanggol na nasa fluid sample ay titingnan para malaman kung ang iyong sanggol ay mayroon o walang Down syndrome o trisomy 18. Kapag ginawa ang amniocentesis para sa isang positive screen, ang mga resulta ay makukuha pagkatapos ng 3 araw.

Sa amniocentesis, may 1 sa 200 (0.5%) na chance na malalaglag ang sanggol. Sa madaling salita, kung 200 kababaihan / mga indibidwal ang magpapa-amniocentesis, malalaglag ang sanggol sa isa sa kanila dahil sa procedure.

### Dapat ko bang ipagawa ang karagdagang testing?

Ikaw ang bahala kung gagawin mo ito. Hindi bawat babae/indibidwal na may screen positive na resulta ay nagnanais na magpagawa ng karagdagang testing. Isipin ang mga tanong na ito para matulungan kang gumawa ng desisyon.

- Sa palagay ko ba'y mababa o mataas ang chance ayon sa resulta ng aking screen?
- Gusto ko bang malaman kung ang aking sanggol ay may Down syndrome o trisomy 18 bago ipanganak ang sanggol?
- Kung nalaman ko na ang aking sanggol ay may Down syndrome o trisomy 18, ano ang gagawin ko sa impormasyon na ito? Magpapalaglag ba ako? Ipagpapatuloy ko ba ang pagbubuntis? Gagamitin ko ba ang impormasyon para maghanda para sa isang batang may special needs? Gagawa ba ako ng planong ipaampon ang sanggol?
- Masyado ba akong mag-aalala hanggang ako'y nanganak kung hindi ako magpapagawa ng karagdagang testing?

### Kung nais kong magpagawa ng karagdagang testing at binigyan ako ng opsyon na magpa-NIPT o amniocentesis, alin ba dapat ang pipiliin ko?

Ikaw ang bahala dito. Isipin ang dalawang tanong na ito para matulungan kang gumawa ng desisyon.

- Mapapanatag ba ang loob ko kung ipapakita ng aking resulta sa NIPT na mababang-mababa ang chance ng Down syndrome at trisomy 18?
- Kailangan ko ba ng resultang 100% na wastung-wasto (amniocentesis at diagnostic test) kahit na ibig sabihin nito'y mayroon akong 1 sa 200 chance na malalaglag ang sanggol?

### Paano naman kung ipinapakita ng resulta ng amniocentesis o detalyadong ultrasound na ang sanggol ay mayroong isa sa mga kondisyon na ito?

Ang iyong health care provider at ang medical geneticists o genetic counsellors ay naririto para mapag-usapan ninyo ang iyong choices at para tulungan kang gumawa ng desisyon na tama para sa iyo.

Mangyaring iuwi ito para basahin, pag-isipan, at para mapag-uusapan ninyo ito ng iyong kapareha at pamilya.

*www.bcprenatalscreening.ca*

April 2026